SAN DIEGO UNIFIED SCHOOL DISTRICT

PRIMETIME

EXTENDED DAY PROGRAM

The Cool School Zone

Pagsali sa Gitnang Paaralan sa 2009-2010

Ang *Extended Learning Opportunities Department* (ELO) ng San Diego Unified School District ang nangangasiwa sa PrimeTime Extended Day Program (PrimeTime) na nag-aalok ng programang bago at/o pagkatapos ng pag-aaral ng mga mag-aaral sa paaralang elementarya at gitnang gulang. Ang PrimeTime ay libre sa lahat na kasaling pamilya at pinangangasiwaan bago at/o pagkatapos ng pag-aaral sa karaniwang araw ng pagpasok. Ang mga magulang/tagapag-alaga ay panatag ang kalooban sa kaalamang ang kanilang (mga) anak ay hindi lamang tumatanggap ng mga aralin, kung hindi nakikipaglaro rin sa mga kalaro sa isang masaya at panatag na kapaligiran. Ang pangkat ng PrimeTime ay nakikipagtulungan sa mga kawani ng ELO, mga samahang Kasama sa PrimeTime, mga sangay, mga programa at mga taong magkakasamang nagtutulungang maging pinakamahusay ang PrimeTime. Ang PrimeTime ay pinanatili ang bilang ngisang mag-aaral sa kawaning na 20 sa 1sa gitnang antas.

MGA KARAPATDAPAT

Ang mga mag-aaral sa gitnang paaralang nais sumali sa PrimeTime sa mga nakalistang paaralan sa ibaba ay karapatdapat na sumali hangga't sila ay pumapasok sa paaralang kanilang inilagay sa kanilang aplikasiyon sa karaniwang araw ng pagpasok.

PAMARAAN NG PAGPAPALISTA

Ang mga pamilyang may mga anak na nakapalista sa gitnang paaralang nakatala sa ibaba ay hindi na dapat magbigay ng Aplikasiyon sa PrimeTime upang makasali ang kanilang (mga) anak. Ang mga mag-aaral sa gitnang paaralang nagnanais sumali sa PrimeTime ay tatanggapin. Ang 2009-2010 PrimeTime Student Participation ay kailangang tapusin at ibigay sa samahang nagkakaloob ng paglilingkod na PrimeTime sa paaralan ng inyong (mga) anak bago sila makapagsimulang pumasok. Ang mga petsa ng pagsali sa gitnang paaralan ay magkakaiba batay sa nakalaang kawani sa pagtupad ng hinihiling na bilang ng mga kawani. Iminumungkahing ibigay ang PrimeTime Student Participation sa pagitan ng ika-1 ng Hunyo, 2009 at katapusan ng paaralang taong 2008-2009 upang malaman ang sapat na kailangang kawani para sa unang araw ng pagpasok.

Ang Papel na 2009-2010 PrimeTime Student Participation ay dapat na ibigay sa mga kawani ng PrimeTime sa paaralan ng inyong (mga) anak o ipadala sa koryo sa samahang Partner na nagkakaloob ng paglilingkod. Ang Student Participalion Forms ay makukuha sa paaralan ng inyong (mga) anak sa wikang English at Spanish simula sa ika-1 ng Hunyo, 2009, at sa websayt ng Distrito sa www.sandi.net sa ika-2 ng Hulyo, 2009. Dapat na tapusin ang 2009-2010 Student Participation Forms upang makapagsimulang pumasok ang inyong (mga) anak.

PATAKARAN SA PAGPASOK

Sa kautusan ng California Education Code, ang mga mag-aaral ay inaasahang papasok araw-araw sa programa sa loob ng mga oras na iniaalok. Ang mga mag-aaral na hindi pumapasok tuwina ay maaaring matiwalag.

Sa karagdagang kaalaman tungkol sa PrimeTime sa paaralan ng inyong (mga) anak, tawagan ang PrimeTime Partner na nag-aalok ng paglilingkod, ang mga numero ng telepono ay matatgpuan sa websayt ng Distrito. Sa mga katanungan tungkol sa pangangasiwa ng programa, tawagan ang ELO sa (858) 627-7562.

School	PrimeTime Partner	School	PrimeTime Partner
Bell Middle	YMCA	Marston Middle	YMCA (619)
Challenger Middle	Harmonium (858) 684-3184	Memorial Academy	ELO
Clark Middle	ELO	Memorial Prep	Memorial Prep (619) 822-6628
Correia Middle	YMCA	Millennial Tech Middle	Millennial Tech Middle (619) 527-6933
CPMA Middle	Harmonium (858) 684-3184	Momentum Middle	Momentum Middle (619) 644-1300 ext 1013
Dana Middle	SAY (858) 565-4148	Montgomery Middle	YMCA
DePortola Middle	YMCA	Muirlands Middle	YMCA
Farb Middle	SAY (858) 565-4148	O'Farrell Community	SAY (858)565-4148
Gompers Charter	Gompers Charter (619) 263-2171	Pacific Beach Middle	CCS (858) 272-5777
High Tech Middle (HTM)	High Tech Middle (619) 857-2304	Pershing Middle	YMCA (619) 521-3055 ext 2540
Innovation Middle	SAY (858) 565-4148	Roosevelt Middle	Roosevelt Middle (619) 293-4450 ext 4704
Keiller Middle	Keiller Middle (619) 263-9266	Standley Middle	SAY (858) 565-4148
King/Chavez Prep	CCS (858) 272-5777	Taft Middle	YMCA
Lewis Middle	SAY (858) 565-4148	Wangenheim Middle	Harmonium (858) 684-3184
Mann Middle	Mann Middle (619) 582-8990	Wilson Middle	SAY (858) 565-4148
Marshall Middle	Harmonium (858) 684-3184		